8

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Cecil C. Samson \| Marilou V. Claveria |
| **Illustrator/ Layout Artist:** | Mary Jane B. Roldan |
| **Content Editors/ Language Editors:** | Marilou V. Claveria / Leilani N. Villanueva |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Roland D. Montes, Regional EPS, Edukasyon Sa Pagpapakatao<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Leilani N. Villanueva, SDO EPS, Edukasyon Sa Pagpapakatao<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |



**(This is a Government Property. Not for Sale.)**

## Inaasahan

Sa pagbubukas ng panibagong linggo ng iyong pag-aaral, inaasahan ko na marami ka ng natutuhan sa mga nakaraang aralin at inaasahan ko din na ang iyong mga natututuhan ay iyong nagagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Tinalakay natin sa ikatlong modyul ang pagkilala sa: 1). mga paraan ng pagpapakita ng paggalang na ginagabayan ng katarungan at pagmamahal at 2). bunga ng hindi pagpapamalas ng pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda, at may awtoridad. Binigyang-pansin din natin ang pagsusuri sa mga umiiral na paglabag sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad.

Ngayong huling linggo ng ikatlong markahan, ang modyul na ito ay inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pang-unawa:

1. Nahihinuha na dapat gawin ang pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad dahil sa pagmamahal, sa malalim na pananagutan at sa pagkilala sa kanilang awtoridad na hubugin, bantayan at paunlarin ang mga pagpapahalaga ng kabataan.

2. Naisasagawa ang mga angkop na kilos ng pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad at nakaiimpluwensiya sa kapwa kabataan na maipamalas ang mga ito.

## Unang Pagsubok

PANUTO: Bilugan ang titik ng pinakaangkop na sagot.

1. Hinahangaan ni Theresa si Jane sa kaniyang kagalingan sa pamumuno. Lahat ng sabihin ni Jane ay sinusunod at ginagawa ng kanilang grupo, kahit pa minsan ay napapabayaan na niya ang kaniyang sariling pangangailangan. Ang kilos ni Theresa ay nagpapakita ng mga sumusunod maliban sa ________.
    A. Katarungan
    B. Kasipagan
    C. Pagpapasakop
    D. Pagsunod

2. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng nakasanayang gawi o ritwal sa pamilya?
    A. Nagpapatibay ng presensiya ng pamilya.
    B. Naipagpapatuloy ang tradisyon ng pamilya.
    C. Nagbubuklod sa mga henerasyon.
    D. Naiingatan ang pamilya laban sa panganib.

3. Paano mo mas higit na maipakikita ang paggalang sa mga taong may awtoridad?
    A. Unawain na hindi lahat ng pagpapasya at mga bagay na dapat sundin ay magiging kaaya-aya para sa iyo.
    B. Ipaglaban ang iyong karapatan lalo na kapag ikaw ay nasa katwiran.
    C. Ipahayag ang iyong pananaw upang maiwasto ang kanilang pagkakamali.
    D. Suportahan ang kanilang mga proyekto at programa.

4. Naipapakita ang paggalang sa kapuwa sa pamamagitan ng ______.
    A. Pakikibahagi sa mga bagay na nakasanayan.
    B. Pakikipag-ugnayan sa mga taong nakakahalubilo.
    C. Pagbibigay ng halaga sa isang tao.
    D. Pagkilala sa mga taong naging bahagi ng buhay.

5. Nag-iisang itinataguyod ni Aleng Nena ang kaniyang tatlong anak. Maliliit pa lamang ang mga ito nang mamatay ang kaniyang asawa. Panatag siya na mapapalaki niya ang mga ito nang maayos. Subalit may mga pagkakataon na natatakot din siya dahil mga nagdadalaga at nagbibinata na ang mga ito. Sa paanong paraan nila mapatatatag ang kanilang samahan sa loob ng kanilang tahanan?
    A. Sama-samang pagkain tuwing hapunan at pamamasyal isang beses sa isang linggo.
    B. Pagkukumustahan kapag nagkasama-sama gamit ang cellphone/email kung nasa malayong lugar.
    C. Pagkakaroon ng mga alituntunin na dapat sundin sa tahanan, tulad ng pag-uwi nang maaga.
    D. Pagkakaroon ng bukas na komunikasyon at malalim na pag-unawa sa kalagayan ng bawat isa.

## Balik-Tanaw

Ang mga sumusunod na pahayag ay nagpapakita ng paraan ng paggalang sa mga magulang, nakatatanda, at may awtoridad. Tukuyin kung ang mga paraan ng paggalang ay para sa magulang, sa mga nakatatanda, o para sa mga may awtoridad. Isulat sa patlango sa sagutang papel ang titik ng pinakaangkop na sagot.

**Mga pamimiliang sagot:**

**A. Magulang** **B. Nakatatanda** **C. May Awtoridad**

____1. Pagkilala sa mga hangganan o limitasyon.
____2. Sila ay arugain at pagsilbihan sa pamamagitan nang maayos na pakikipag-usap.
____ 3. Magbasa at pag-aralan ang tunay na utos ng Diyos sa paggalang sa mga taong may awtoridad.
____ 4. Kilalanin sila bilang mahalagang kasapi ng pamilya sa pamamagitan ng pagsasama sa kanila sa mga karaniwang gawain ng pamilya at mga espesyal na pagdiriwang.
____ 5. Maging halimbawa sa kapwa.
____ 6. Paggalang sa kanilang mga kagamitan.
____ 7. Hingin ang kanilang payo at opinyon bilang pagkilala sa karunungang dulot ng kanilang mayamang karanasan sa buhay.
____ 8.Iparamdam sa kanila na sila ay naging mabuting halimbawa lalo na sa pagiging matiisin at matiyaga sa maraming bagay.
____ 9.Pagtupad sa itinakdang oras.
____ 10.Pagiging maalalahanin.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin
## Pamagat:

Pagsunod at Paggalang sa mga Magulang, Nakatatanda at May Awtoridad.

Mula sa ating naging aralin noong nakaraang linggo, natatandaan mo pa ba ang mga paraan ng pagpapakita ng paggalang na ginagabayan ng katarungan at pagmamahal? Naaalala mo pa ba ang mga bunga ng hindi pagpapamalas ng pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad? Napakahalaga na ang mga aralin na ito ay lagi mong isaisip at isapuso. Marahil ay marami ng pagkakataon na nasubok ang iyong kakayahang igalang ang iyong kapwa. Ang mga nakaraang aralin natin ang magsisilbing gabay mo upang ang pagsasabuhay ng mga ito ay maging madali para sa iyo.

Ang taong 2020 ay hindi naging magandang karanasanan para sa lahat. Marami kang nasaksihan na kaganapan na magdudulot sa iyo ng mga pagkakataon kung saan mababalewala mo ang iyong pagpapahalaga upang igalang ang iyong mga magulang, ang mga nakatatanda, at pati na rin ang mga may awtoridad. Ngunit sa dami ng mga pagkakataong ito, marahil ay maiisip mo pa rin na ang bawat tao na

iyong nakakahalubilo ay karapat-dapat na igalang sa tulong at gabay ng katarungan at pagmamahal.

## Gawain

Sa iyong pang-araw-araw na pakikisalamuha sa iyong mga magulang, sa iyong mga lolo at lola (mga nakatatanda), at sa iyong mga guro o mga opisyal ng inyong barangay, marahil ay marami ka ng mga nasunod sa kanilang mga ipinag-uutos. Mula rito, tiyak na mayroong mga tumimo o mga naitanim sa iyong isip at puso at ito ang nagsisilbing iyong gabay sa pang-araw-araw na iyong pamumuhay. Isulat sa talahanayan ang mga laging ipinag-uutos ng iyong mga magulang, lolo o lola, at ng mga taong nagsisilbing awtoridad sa inyong pamayanan. Gawing gabay ang halimbawa sa ibaba.

| Kaninong habilin o utos? | Ano ang habilin or utos na tumimo sa iyong isip at puso? | Bakit mo ito sinusunod at palaging tinatandaan? |
|---|---|---|
| Hal. Mga Magulang (Nanay o Tatay) | Palaging magbigayan at magkasundo kami ng aking kapatid. | Sa lahat ng pagkakataon, wala namang ibang magmamalasakit at tutulong sa akin kung hindi ang aking kapatid lamang at ganun din ako dapat sa kanya. |
| Mga nakatatanda (Lolo, Lola, Tiyo o Tiya) | | |
| May Awtoridad (Mayor, Kapitan ng Barangay, Tanod Ng Barangay, Pulis, atbp.) | | |

## Tandaan

Ang pagsunod at paggalang sa iyong mga magulang, sa mga nakatatanda, at sa mga may awtoridad ay hindi lamang ginagawa dahil ito ay nararapat gawin. Ang pagsunod at paggalang ay dapat na iyong ipamalas sa lahat ng pagkakataon dahil sa pagmamahal, sa malalim na pananagutan at sa pagkilala sa kanilang kakayahang hubugin, bantayan at paunlarin ang iyong mga pagpapahalaga bilang isang kabataan. Ngunit paano nga ba naipapakita ang pagsunod at paggalang?

Maipapakita mo ang pagsunod at paggalang sa kanila kung kinikilala mo ang kanilang halaga bilang iyong mga magulang, bilang mga nakatatanda na mas marami ng karanasang maaaring ibahagi sa iyo, at bilang mga may awtoridad na kasapi ng lipunan na pinagkatiwalaang magprotekta sa iyo bilang isang kabataan. Isang

kabataang bahagi ng lipunan na nangangailangan ng paghubog, paggabay upang mapaunlad ang magagandang ugali at mga pagpapahalaga sa buhay.

Ang mga birtud ng pagsunod at paggalang ay mapagtitibay mo sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal, pananagutan at pagkilala sa kanila bilang biyaya ng Diyos..

## Paano maipakikita ang paggalang at pagsunod sa mga magulang?

Ang paggalang at pagsunod sa magulang ay maipakikita sa pamamagitan ng sumusunod na gawain: *(http://www.ehow.com/info_12004304_5-ways-respectparents.html)*

1. Pagkilala sa mga hangganan o limitasyon. Kapag ang magulang ay nagtakda ng hangganan, dapat itong igalang sa pamamagitan ng di pag-abuso sa itinakda. Ang pagkatok sa kuwarto ng iyong mga magulang bago pumasok at paghingi ng permiso bago kainin ang anumang pagkaing nakatago sa *refrigerator* ay nagpapakita ng paggalang.
2. Paggalang sa kanilang mga kagamitan. Naipakikita mo ang paggalang kung naiingatan mo ang mga bagay na iyong ginamit at hiniram.
3. Pagtupad sa itinakdang oras. Naipakikita mo ang paggalang kung umuuwi ka nang maaga at di na kung saan-saan pa pupunta nang walang paalam.
4. Pagiging maalalahanin. Isa pang paraan ng pagpapakita ng paggalang sa kanila ay ang pag-alaala sa mga mahahalagang okasyon sa buhay nila, tulad ng kaarawan, anibersaryo, at iba pa.
5. Pagiging mapagmalasakit at mapagmahal. Maipakikita ang paggalang sa pamamagitan ng paggamit at pagbigkas ng mga magagalang na pananalita at pakikinig sa kanilang mga sinasabi o ipinapayo.

### Paano maipakikita ang paggalang at pagsunod sa mga nakatatanda?

Narito ang ilang paraan ng pagpapakita ng paggalang sa mga nakatatanda *(ayon sa aklat ng Respect for the Elderly: Implications for Human Service Providers ni Sling, 2004)*:

1. Sila ay arugain at pagsilbihan nang isinasaalang-alang ang maayos na pakikipag-usap.
2. Hingin ang kanilang payo at pananaw bilang pagkilala sa karunungang dulot ng kanilang mayamang karanasan sa buhay.
3. Iparamdam sa kanila na sila ay naging mabuting halimbawa lalo na sa pagiging matiisin at matiyaga sa maraming bagay.
4. Kilalanin sila bilang mahalagang kasapi ng pamilya sa pamamagitan ng pagsasama sa kanila sa mga karaniwang gawain ng pamilya at mga espesyal na pagdiriwang.
5. Tugunan ang kanilang mga pangangailangan at kahilingan na makabubuti sa kanila.

### Paano maipakikita ang paggalang sa mga taong may awtoridad?

Narito ang ilan sa mga paraan upang maipakita ang paggalang sa mga taong may awtoridad (ayon kay Wolff, n.d.)

1. Magbasa at pag-aralan ang tunay na tagubilin ng Diyos sa paggalang sa mga taong may awtoridad. May mga taong pinili ang Diyos upang pagkalooban ng tungkulin at pagkatiwalaan ng Kaniyang awtoridad.
2. Lagi mong ipanalangin ang mga taong may awtoridad na ikaw ay pamahalaan.
3. Maging halimbawa sa kapwa. Kung nais mong makaimpluwensya ng kapwa upang sila ay maging magalang at masunurin, mas maraming pakinabang ang maidudulot nang pagsasabuhay ng birtud ng paggalang at pagsunod.
4. Alamin at unawain na hindi lahat ng pagpapasiya at mga bagay na dapat sundin ay magiging kaaya-aya para sa iyo.

Ayon kay David Isaacs (Character Building, 2001) sa kanyang mga mungkahi sa ibaba, maisasabuhay ang paggalang na ginagabayan ng katarungan at pagmamahal sa pamamagitan ng sumusunod:

1. Panatilihin ang pagkakaunawaan, bukas na komunikasyon, at pagkilala sa halaga ng pamilya at ng lipunang kinabibilangan.
2. Kilalanin ang kakayahan ng bawat tao na matuto, umunlad at magwasto ng kaniyang pagkakamali.
3. Pagtugon sa pangangailangan ng kapwa, sa pamamagitan ng patuloy na pagtulong at paglilingkod sa kanila.
4. Laging isaalang-alang ang damdamin ng kapwa sa pamamagitan ng maayos at marapat na pagsasalita at pagkilos.
5. Isaalang-alang ang pagiging bukod-tangi ng bawat tao sa pamamagitan ng pagpapakita ng angkop na paraan ng paggalang.
6. Suriing mabuti ang kalagayan o sitwasyon ng kapwa upang makapagbigay ng angkop na tulong bilang pagtugon sa kanilang pangangailangan. Hangga't maaari makipagtulungan sa mga institusyong maaaring makatulong sa kanila.
7. Bilang bahagi ng katarungan, ibigay sa kapwa ang nararapat sa kaniya at ang nararapat ay ang paggalang sa kaniyang dignidad.
8. Sa pakikipag-usap sa kapwa, iwasan ang madaliang panghuhusga at pagbibitiw ng masasakit na salita. Mahalaga ang aktibong pakikinig at pag-iwas sa anumang uri ng diskriminasyon.
9. Laging isaisip ang kahalagahan ng tunay na paglilingkod sa kapwa na may kalakip na pagmamahal at pagpapatawad.

**"Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran,**
**at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan."**
**~Mga Kawikaan 22:6~**

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Isulat sa iyong kuwaderno ang bahaging ito ng aralin. Punan ang patlang ng angkop na salita mula sa mga salita sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| pagsunod | paggalang | pagmamahal |
| malalim na pananagutan | pagkilala | |

Ang 1_______________ at 2_______________ sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad ay dapat gawin dahil sa 3_______________, sa 4_______________ at 5_______________ sa kanila bilang biyaya ng Diyos at sa kanilang awtoridad na hubugin, bantayan at paunlarin ang mga pagpapahalaga ng kabataan.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Gawain 1:**
**TAMA o MALI :** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang o sa sagutang papel ang salitang TAMA kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng tamang kaisipan at ang salita MALI kung ang pangungusap naman ay nagpapahayag ng maling kaisipan.

__________1. Maipakikita mo ang paggalang at pagsunod sa iyong mga magulang, nakatatanda at may awtoridad kung kinikilala mo ang kanilang halaga.

__________2. Ang isang kabataang tulad mo ay hindi inaasahan na magiging mabuting halimbawa sa lahat ng aspeto ng iyong pamumuhay.

__________3. Ang pagpapahalaga mo sa iyong mga magulang, sa mga nakatatanda, at sa mga may awtoridad ay nangangahulugang ng iyong pagkilala sa kanilang tungkulin na hubugin, subaybayan at paunlarin ang iyong mga magagandang ugali at mga pagpapahalaga.

__________4. Magiging mahirap para sa iyo ang makaranas ng paggalang mula sa iyong kapwa kung ikaw ay kinakikitaan nila ng pagiging magalang at masunurin.

__________5. Napagtitibay ang birtud ng paggalang sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal, pananagutan at pagkilala sa mga magulang, nakatatanda, at may awtoridad bilang biyaya ng Diyos.

## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1. A
2. B
3. A
4. C
5. D

**Balikan**
1. A
2. B
3. C
4. B
5. C
6. A
7. B
8. B
9. A
10. A

**Tuklasin**
Ang sagot ng mag-aaral ay nakadepende sa mg autos o habilin ng kanilang magulang, mga nakatatanda, o ng mga awtoridad na kanilang nakakasalamuha, nakasaad sa Gawain ang halimbawa ng maaaring isagot ng mag-aaral.

**Tayahin**
1. pagsunod
2. paggalang
3. pagmamahal
4. malalim na pananagutan
5. pagkilala

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama

## Sanggunian

Kagawaran ng Edukasyon (2013). Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikawalong Baitang: Modyul para sa mga Mag-aaral, Unang Edisyon. *Modyul 10: Pagsunod at Paggalang sa mga Magulang, Nakatatanda, at May Awtoridad*, 256-289.